

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b> <b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	<b>PC 2020-0018</b>
	<b>Title</b>	<b>Guidelines on the CoViD-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP) Revision 1</b>

Tanong	Sagot
<b>A. Karaniwang tanong ng mga miyembro / publiko</b>	
1. Sinu-sino ang maaaring makagamit ng COVID-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP)?	Ang CCIBP ay maaaring magamit ng lahat ng Filipino na maa-admit sa PhilHealth-accredited na Community Isolation Unit (CIU) na itinalaga ng Local Government Unit (LGU) o National Government (NG), na itinuturing na suspect, probable o confirmed na kaso ng COVID-19.
2. Magkano ang benepisyo na nakapaloob sa CCIBP? Anu-anong mga serbisyo ang ibibigay ng Community Isolation Units?	<p>Ang benepisyo ay nagkakahalaga ng Php22,449.00. Ang mga serbisyong dapat maibigay na naaayon sa panuntunan ng DOH ay ang mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> <li>- Pagka-quarantine na hindi bababa sa labing-apat (14) na araw</li> <li>- Boarding, pagkain at indibidwal na hygiene kit</li> <li>- Impormasyon at Edukasyon tungkol sa respiratory etiquette at self-monitoring</li> <li>- Pagsubaybay ng Health Care Professional</li> <li>- Angkop na gamot</li> <li>- Diagnostic test at imaging</li> <li>- Oxygen support</li> <li>- Paggamit ng transportasyon para madala sa mas mataas na antas na pasilidad kung kinakailangan.</li> </ul>
3. Kung nag-self quarantine/ isolation ako sa bahay, magagamit ko ba ang CCIBP mula sa PhilHealth?	Hindi. Ang benepisyo ay maaari lamang magamit kung na-admit sa isang PhilHealth-accredited CIU.
4. Saang mga pasilidad ko maaaring magamit ang benepisyo para sa Community Isolation?	Ito ay maaaring magamit sa lahat ng pribado at pampublikong CIU na accredited ng PhilHealth.
5. Paano kung hindi pa ako rehistrado sa PhilHealth, kwalipikado pa rin ba ako sa benepisyo?	Ang lahat ng Filipino ay awtomatikong kwalipikadong maka-avail ng benepisyo. Para sa mga hindi pa rehistradong miyembro, kinakailangan lamang na magsumite ng maayos na pinunan na





## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

<b>Circular No.</b>	<b>PC 2020-0018</b>
<b>Title</b>	<b>Guidelines on the CoViD-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP) Revision 1</b>

	<p>PhilHealth Member Registration Form (PMRF) sa pasilidad para mabigyan ng PhilHealth Identification Number.</p> <p>Ang mga accredited na pasilidad ay binibigyan ng awtoridad para iproseso ang pagpaparehistro at pagpapa-update ng record ng kanilang mga pasyente gamit ang online platforms.</p>
6. Paano kung nasa CIU ako ay lumala ang aking kalagayan?	Isa sa mga serbisyong nakapaloob sa CCIBP ay ang referral at transportasyon sa mas mataas na pasilidad. Kung ang kalagayan ng pasyente ay lumala, ang CIU ang siyang magdadala sa pasyente sa isang mas mataas na pasilidad upang mabigyan ng karapat dapat na pangangalagang medikal.
7. Kung ako ba ay na-admit sa isang CIU at napabuti ang kalagayan ko ng mas maaga sa itinakdang 14-days, maaari na ba akong pauwiin o kinakailangan ko pang tapusin ang 14 days?	Kinakailangan pa ring tapusin ang 14 araw na quarantine o manatili ng higit pa sa CIU ayon sa payo ng doktor.
8. Maaari ko pa rin bang magamit ang CCIBP kung ako ay gumaling at galing na sa mas mataas na pasilidad?	Oo, maaari pa ring magamit ang CCIBP kung galing na sa isang ospital para magamot sa sakit na COVID-19 at pinayuhan ng mga doktor na ipagpatuloy ang isolation sa isang CIU.
9. Ilang beses ako maaaring ma-admit sa CIU?	Maaaring ma-admit ng higit sa isang beses sa CIU depende sa assessment ng duktora o ng mga healthcare workers na itinalaga ng NG o LGU.
10. Mayroon pa ba akong dapat bayaran kung maa-admit sa CIU?	Wala ng dapat babayaran sapagkat ang lahat ng serbisyo na dapat ay nakapaloob na sa CCIBP at ito ay binayaran na ng PhilHealth.
<b>B. Karaniwang tanong ng mga Health Care Provider at LGU</b>	
1. Anu-ano ang mga requirements o kailangan	Ang mga sumusunod ay kailangang isumite ng isang CIU na nagnanais ma-accredit sa PhilHealth:





**TAMANG SAGOT (TS)**  
**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular**

<b>Circular No.</b>	<b>PC 2020-0018</b>
<b>Title</b>	<b>Guidelines on the CoViD-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP) Revision 1</b>

para ma-accredit ng PhilHealth ang isang CIU?	<p>a. Patunay ng sertipikasyon mula sa DOH o kasama sa listahan ng mga sertipikadong CIU ng DOH mula sa mga Center for Health Development (CHDs)</p> <p>b. Provider Data Record (PDR) (Annex A)</p> <p>c. Pinunan at pirmadong performance commitment (Annex B)</p> <p>d. Supplemental Provider Data Record (PDR)* (Annex C)</p> <p>e. Pahintulot mula sa pasilidad na accredited ng PhilHealth na may eClaim system tulad ng MCP, TB-DOTS, hospitals, para sa elektronikong pagusumite at pagbabayad ng claims (Part II ng Annex C)</p> <p>*Ang Supplemental PDR ay maaaring isumite pagkatapos ma-accredit at bago maibigay ang reimbursement. Ito ay kinakailangan upang malaman ng PhilHealth kung saan isusumite ang bayad.</p>
2. Paano ang pagsumite ng claims ng isang accredited CIU?	<p>Ang pagsusumite ng claims ay ginagawa sa pamamagitan ng Electronic Claims o E-claims. Maaring gawin ng CIU ang pagsusumite kung may sariling E-claims. Kung wala naman, maaari itong ipasumite sa katuwang o partner na PhilHealth-accredited hospital.</p> <p>Ang mga pasilidad lamang na tulad ng accredited CIU at hospital ang maaaring magsumite ng claims.</p>
3. Babayaran din ba ng PhilHealth ang mga admission sa mga Community Isolation Units na itinalaga ng National at Local governments?	Oo. Babayaran ito ng PhilHealth sa ilalim ng CCIBP sa halagang P22,449.00.
4. Hanggang kailan maaaring magsumite ng hospital isolation package ang Level 2 at 3 na hospital?	Ang L2 at L3 hospital facilities ay maaaring mag-file ng claims para sa hospital isolation package na may admission dates mula February 1 hanggang May 11, 2020.





## TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

Circular No.	PC 2020-0018
Title	<b>Guidelines on the CoViD-19 Community Isolation Benefit Package (CCIBP) Revision 1</b>

5. Paano kung ang isang lugar ay walang accredited CIU? Maaari bang mag-file ng CCIBP claims ang isang L2 at L3 hospital?	Kung walang PhilHealth-accredited na CIU sa isang lugar, ang isang pribado o pampublikong ospital, Level 2 o Level 3 ay kinakailangang makakuha ng permiso mula sa LGU. Dapat ring makakuha ng sertipikasyon mula sa DOH upang ang mga pasilidad na ito ay maging ganap na PhilHealth-accredited na CIU. Kapag nangyari ito, maaari na silang mag-claim ng CCIBP.
6. Maaari bang magtayo ang LGU/NG ng higit sa isang CIU?	Oo, maaring magtayo ng higit sa isang CIU hangga't ito ay pinahintulutan ng LGU or NG.
7. Kung ang isang CIU ay nagdala ng pasyente na nagkaroon ng severe pneumonia sa mas mataas na pasilidad, maari pa bang magsumite ng CCIBP claim ang CIU? Maari rin ba na magsumite ng claim na COVID-19 para sa severe pneumonia ang pasilidad na pinagdalan ng pasyente?	Oo, ang CIU ay maaaring magsumite ng CCIBP claim. Samantala, ang referral hospital ay maaaring magsumite ng claim para sa severe pneumonia. Ito ay magkahiwalay na claim para sa magkaibang benepisyo.

